


KALIGTASAN NG COMPUTER: Tungkulin ng Lahat


Ang mga computer at ang Internet ay popular na mga target para sa mga masasamang loob. Kapag walang protektyon, maaaring panghimasukan ng mga magnanakaw ang iyong computer at nakawin ang mga numero ng credit card, impormasyon sa bank account, at iba pang sensitibong personal na data.

Ang lahat ng mga gumagamit ng computer ay dapat magsagawa ng mga hakbang upang dagdagan ang seguridad at bawasan ang mga pagkakataon ng pinsala sa iyo at sa iyong computer. Narito ang ilang mga karaniwang mga tip sa seguridad sa computer kung paano panatilihin ang iyong computer.



Mga Virus at Worm


Ang isang computer “virus” ay inilalakip ang sarili nito sa mga program sa iyong computer at nagdudulot ng pinsala sa mga program, impormasyon o hardware. Ganito rin ang ginagawa ng “Worm” sa isang computer at pinapadami rin nito ang sarili. Maaari itong makapinsala sa iyong computer at mahawaan din ang iba.



PAGSASAGAWA NG PAGKILOS:

Mga Password


Pinoprotektahan ng mga password ang data na iyong pinapanatili sa iyong computer, kabilang ang mga pribadong account, dokumento, at access sa nakakapagtukoy na impormasyon.



Ang pinakamahusay na paraan upang ilayo ang iyong mga computer sa mga nanghihimasok (“mga hacker”) at iba pa mula sa pag-alam ng iyong mga password ay ang pagsubok sa paggamit ng kombinasyon ng mga titik, numero at character (tulad ng !, @, #, \$, %). Pinakamahalaga, huwag kailanman ibahagi ang iyong password kanino man. Magtabi ng record ng mga password sa isang ligtas na lugar at baguhin ang mga ito nang regular.

Mga Patch at Update

Ang patch o update ay isang maliit na computer program na iwinawasto ang kilalang mga problema sa software. Madalas na nagbibigay ng mga bagong patch ang mga kumpanya ng software at inaabisuhan ka ng mga kinakailangang mga update sa web sa pamamagitan ng email kung naparehistro mo ang iyong produkto.



Mahalagang panatilihin ang pag-install ng pinakabagong mga patch. Maaari mong itakda ang iyong computer na awtomatiko itong gawin. Sasangguni ito sa mga kumpanya ng software upang iwasto ang iyong mga operating system, web browser at iyong anti-virus na program.

Mga Firewall at Virus/Spyware Protection Software

Ang mga firewall ay mga filtering system na naglilimita sa pagdaloy ng impormasyon sa pagitan ng naka-network ng mga computer system. Pinipigilan ng mga ito ang pribadong impormasyon mula sa paglabas at inilalayo ang mga hindi nais na mga program mula sa pagpasok.



Sinubukan ng virus protection software, o anti-virus software, na tukuyin, kontrahin o alisin ang nakakahamak na software. Susubukan ng mga program na ito na alinman sa


narito ang mga bagay na maaari mong gawin agad na hindi gugugol ng maraming oras o paggastos ng napakalaking pera. Ang ilan ay nangangailangan lang ng pagbabago ng nakasanayan.

“i-clean” o “i-disinfect” ang virus, “i-quarantine” ito, o “sirain” ito, sa pamamagitan ng regular na pag-scan ng iyong computer.

Sa mga setting ng iyong web browser, maaari mong higpitan ang mga security setting at block pop-up ad.

May makukuhang mga libre at madaling magamit na mga firewall at anti-virus program. Maghanap ng impormasyon tungkol sa mga ito online sa pamamagitan ng paghahanap ng mga “firewall software” o “anti-virus program.”

Paggawa ng Mga Kopya



Ang paggawa ng mga kopya ng mga mahalagang file o dokumento mula sa iyong computer ay kasinghalaga ng pagkakaroon ng labis na mga kopya ng iyong birth certificate o pasaporte. Maaari mong protektahan ang iyong mga dokumento at file sa pamamagitan ng pag-save ng mga ito sa disk, USB thumb drive, web storage o iba pang storage hardware. Regular itong gawin.

ISANG CHECKLIST

Narito ang isang checklist ng mga pagkilos na maaaring isagawa ng mga gumagamit sa bahay upang protektahan ang kanilang mga computer. Ito ay mula sa Computer Emergency Readiness Team (CERT) Coordination Center. Matatagpuan ang karagdagang mga detalye sa:

www.cert.org/tech_tips/home_networks.html.

- Gumamit ng virus protection software
- Gumamit ng firewall.
- Huwag magbukas ng hindi kilalang mga e-mail attachment.
- Huwag magpatakbo ng mga program na hindi kilala ang pinagmulan.
- Huwag paganahin ang nakatagong mga filename extension.
- Panatilihin naka-update ang lahat ng mga application (kabilang ang operating system).
- I-off ang iyong computer o i-unplug mula sa Internet kapag hindi ginagamit.

Mga Spy at Hindi Nais na Mga Ad

Gusto nang lahat na protektahan ang kanilang pagkapribado. Sa kasamaang palad, ang spy software ("spyware") at mga advertising program ("adware") ay maaaring mailagay sa iyong computer nang wala ang iyong pahintulot.



Maaaring hindi mo nalalamang na-install na ang mga program na ito sa iyong computer sa pamamagitan ng pagbisita sa ilang mga website, pag-click sa mga link, pag-download ng mga file mula sa Internet o pagbubukas ng mga attachment sa mga mensaheng e-mail.

Kinokolekta ng spyware ang personal na impormasyon at ipinapadala ito sa mga masasamang loob. Nagpapakita ang Adware ng mga hindi nais ng mga pop-up window o lumilikha ng isang ad bar sa iyong computer screen.


Hindi Magandang Email at Plano upang makuha ang iyong Pera

Huwag tumugon sa junk email - tanggalin ito!

Magbukas lamang ng email at mag-click sa mga link mula sa mga taong kilala at pinagkakatiwalaan mo.

Ang "Spam" ay isang walang kabuluhang email na hindi mo hiniling. Huwag sagutin, tanggalin lang ito.

Ang "Phishing" ay isang online na scam na gumagamit ng spam o mga pop-up na mensahe upang lansehin ka sa pagbabahagi ng personal na impormasyon sa iyong Social Security number o mga password. Pinapalabas ng "Mga Phisher" ang kanilang mga email at web site bilang mga bangko o iba pang pinagkakatiwalaang mga institusyon. Sinusubukan ng mga ito na lansehin ka sa pagbibigay sa mga ito ng iyong mga account number at password. Huwag tumugon o mag-click sa mga link na humihingi ng personal na impormasyon. Tanggalin ito!



Bisitahin din ang website ng Information Security ng Seattle sa: www.seattle.gov/informationsecurity.

Maaari mo ring bisitahin ang Security Site ng Microsoft para sa impormasyon sa maraming iba't ibang mga wika. Bisitahin ang mga ito dito sa: <http://www.microsoft.com/protect> at piliin ang iyong wika sa pamamagitan ng pag-click sa "worldwide sites."

PAGHINGI NG TULONG

Makukuha ang mga naka-print na kopya ng impormasyong ito sa pamamagitan ng pagtawag sa (206) 233-7877 o pagsulat sa amin sa PO Box 94709, Seattle, WA, 98124-4709.

Ang iyong lokal na mga pampublikong silid-aralan at mga community technology center ay isa ring mahusay na mga mapagkukunan para sa higit pang impormasyon. Tingnan ang: www.seattle.gov/tech/techmap

Makakahingi rin ng tulong mula sa computer technical support ng mga kumpanya at mga online na forum. Ang mga Consumer Report, computer magazine, bilihan ng computer, gumagawa at mga kumpanya ng software ay makakapagbigay din ng kapaki-pakinabang na impormasyon.

Ang polyetong ito ay inihanda ng City of Seattle, Department of Information Technology's Community Technology Program at Office of Information Security.
www.seattle.gov/tech
www.seattle.gov/informationsecurity


Ibinigay ang impormasyong ito para sa edukasyon at kaalaman ng publiko. Bagama't sinubukan naming maging mas tumpak hangga't maaari, hindi namin masisiguro na tama ang lahat ng impormasyon at walang pananagutan para sa anumang mga mali o mga kakulangan.

Hinihikayat ka namin na gawin ang iyong sariling pananaliksik at makipag-usap sa pinagkakatiwalaang mga computer security professional.

Version 01/2010



LIGTAS BA ANG IYONG COMPUTER?



Mga tip para sa pagprotekta ng iyong computer at iyong seguridad

